

Pagsusuri Sa Ritwal Ng Mga Marihatagnon: Batayan Sa Paglinang Ng Kontekstwalisado at Interaktibong Kagamitang Pampagtuturo

Sheila Mae Rivas¹, Medelyn M. Montenegro²

¹Instructor I, Department of Languages, College of Arts and Sciences, North Eastern Mindanao State University

²Professor II, Department of Languages, College of Arts and Sciences, North Eastern Mindanao State University

Abstract

This study aims to analyze the rituals of the Marihatagnon community from four selected barangays in Marihatag, Surigao del Sur as a foundation for developing contextualized and interactive teaching materials. Through interviews and observations with elderly respondents, a total of twenty-five (25) rituals were documented, covering aspects of agriculture, health, spirituality, and social life.

Each ritual was examined based on its themes and meanings. The findings reveal that these rituals are deeply rooted in the community's relationship with nature, faith, and unity. Items such as eggs, water, salt, and leaves carry symbolic meanings related to protection, abundance, and healing.

This research highlights the importance of integrating local knowledge into education to enhance learning and preserve indigenous culture.

Keywords: Rituals, Marihatagnon, Kamayo, contextualization, local culture.

Abstrak:

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang mga ritwal ng mga Marihatagnon mula sa apat na piling barangay sa Marihatag, Surigao del Sur bilang batayan sa paglinang ng kontekstwalisado at interaktibong kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng panayam at obserbasyon sa mga nakatatandang tagatugon, naitala ang dalawampu't limang (25) ritwal na may kaugnayan sa agrikultura, kalusugan, pananampalataya, at pamumuhay panlipunan.

Sinuri ang bawat ritwal batay sa temaat mga kahulugan. Lumabas sa pag-aaral na ang mga ritwal ay malalim na nakaugat sa kaugnayan ng komunidad sa kalikasan, pananampalataya, at pagkakaisa. Ang mga kagamitang tulad ng itlog, tubig, asin, at dahon ay may simbolikong kahulugan ng proteksyon, kasaganaan, at kagalingan.

Ipinapakita ng pananaliksik na mahalagang maisama ang lokal na kaalaman sa edukasyon upang mapaunlad ang pagkatuto at mapanatili ang kulturang katutubo.

Mga Susing Salita: Ritwal, Marihatagnon, Kamayo, kontekstwalisasyon, kulturang lokal.

Introduksyon

Sa kasalukuyang panahon, marami sa mga kabataan at maging ang ilang mga mag-aaral sa Pilipinas ay hindi na ganap na nakikilala o napapahalagahan ang mga sinaunang mitolohiya at ritwal ng ating mga ninuno. Ang bayan ng Marihatag, na matatagpuan sa Surigao del Sur, ay isa sa mga lugar sa Mindanao na mayaman sa kasaysayan at kultura ng mga katutubong Pilipino. Subalit, tulad ng maraming katutubong komunidad, unti-unting nawawala ang mga mitolohiya at ritwal ng mga sinaunang Marihatagnon dahil sa modernisasyon, relihiyosong impluwensya, at kakulangan ng sistematikong dokumentasyon. Ang mga kwento ng mga diwata, anito, at ritwal na ginaganap bilang pagpaparangal sa mga espiritu ng kalikasan ay hindi na gaanong kilala sa kasalukuyang henerasyon.

Ayon kina [10] (Villanueva at Balgoa, 2023), ang mga ritwal ay itinuturing na mahalagang sangkap ng di-materyal na kultura at may malaking gampanin sa pagpapatatag ng ugnayang panlipunan sa mga katutubong pamayanan. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral ni [1] (Anacin, 2015) na ang mga ritwal at paniniwala ay patuloy na umuusbong at sumasalamin sa pagkakakilanlan ng mga komunidad, sa kabila ng mga panlabas na impluwensya. Ang mga ito ay mahalaga hindi lamang sa pagpapatuloy ng mga kaugalian kundi sa pagpapanatili ng kolektibong alaala ng mga tao. Batay sa mga pananaliksik na ito, may malalim na kaugnayan ang mitolohiya at ritwal sa paghubog ng mga lokal na paniniwala at pagkakakilanlan ng mga katutubong pamayanan. Ipinakita rin na ang mga katulad na paniniwala ay nakatutulong sa pagsasalin ng tradisyon at karunungan mula sa isang henerasyon patungo sa susunod.

Bagamat marami nang pag-aaral tungkol sa ibang mga grupo, napansin ng mananaliksik ang kakulangan ng sapat na pananaliksik ukol sa mitolohiya at ritwal ng mas maliliit at hindi gaanong kilalang komunidad tulad ng Marihatag. Sa kasalukuyan, kaunti pa lamang ang naitalang pag-aaral patungkol sa tiyak na ritwal ng mga Marihatagnon. Ito ang nagiging agwat ng kaalaman sa kasaysayan at kultura ng lugar na ito. Sa kabila ng pagkakaroon ng mga tala mula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas, kakaunti ang mga mapagkukunan na partikular na nakatutok sa mga paniniwala ng grupong ito. Samakatuwid, kinikilala ng pag-aaral na ito ang puwang na ito sa literatura at layuning punan ito sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri ng mga natitirang tala at mga kwentong-bayan ng mga Marihatagnon.

Ang ganitong uri ng pag-aaral ay napakahalaga sapagkat ito ay nakasalalay sa pagpapalalim ng ating pag-unawa sa mga sinaunang paniniwala ng mga Pilipino, partikular ng mga Marihatagnon. Magbibigay ito ng mga bagong pananaw ukol sa kung paano umuusbong ang mga lokal na kaalaman, at kung paano ang mga paniniwala at ritwal na ito ay nakaaapekto sa kanilang modernong komunidad. Ang mga natuklasang ito ay maaari ring magamit bilang sanggunian sa iba pang pag-aaral ukol sa mga katutubong komunidad at mag-aambag sa pagpapayaman ng ating pambansang kasaysayan at kultural na pamana.

Batayang Teoritikal

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga mitolohiya at ritwal ng mga sinaunang Marihatagnon, gamit ang teoryang functionalism ni Bronisław Malinowski bilang pangunahing teorya. Bukod dito, gagamitin din ang symbolic interactionism ni Clifford Geertz upang higit pang palalimin ang pag-unawa sa kahalagahan ng mga simbolo at kahulugan sa mga paniniwala at ritwal ng komunidad.

Ang pangunahing teoryang pinagbabatayan ng mananaliksik ay ang teorya ni [9] (Malinowski, 1939). Ang teoryang ito ay nagbibigay-diin na ang kultura ay isang functional na sistema, kung saan ang bawat bahagi maging ito man ay paniniwala, seremonyal, o ritwal ay may ginagampanang mahalagang papel sa pagpapanatili ng kaayusan at balanse sa isang komunidad. Ang bawat aspeto ng kultura, kabilang na ang

mga mito at ritwal, ay mayroong layunin at tungkuling tumugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga tao sa lipunan.

Bukod sa functionalism, gagamit din ang mananaliksik ng symbolic interactionism ni [5] (Geertz, 1973) bilang suporta sa naunang teorya, ito ay upang tukuyin ang kahalagahan ng mga simbolo at kahulugan sa pag-aaral ng mga mitolohiya at ritwal. Para kay Geertz, ang kultura ay binubuo ng mga "webs of significance" o mga lambat ng kahulugan na nilikha ng mga tao. Sa ganitong pananaw, ang mga mito at ritwal ng sinaunang Marihatagnon ay itinuturing na mga simbolo na may malalim na kahulugan sa kanilang lipunan. Sa teoryang ito, ang mga ritwal at mitolohiya ay makikita bilang mga tekstong kultural na maaaring basahin at bigyang interpretasyon. Ang bawat simbolo sa isang ritwal o mito ay may partikular na kahulugan na sumasalamin sa mga pagpapahalaga, paniniwala, at pananaw ng mga Marihatagnon tungkol sa mundo.

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral sa desinyong etnograpiya sapagkat nanaising malaman ng mananaliksik ang mga sinaunang paniniwala at kaugalian ng mga Marihatagnon, partikular sa kanilang mga ritwal. Layunin din ng pamamaraan na ito na kumuha ng mga impormasyon at datos mula mismo sa karanasan ng mga partisipante sa pamamagitan ng obserbasyon at pakikipanayam. [2] Andi at Fansury, 2023; Bloome, 2024; Hillman, 2022). Bilang karagdagan, nakatuon ang desinyong ito sa perspektibo ng mga partisipante na tumutugon sa mananaliksik na makakuha ng awtentiko, detalyado, at komprehensibong datos ng tatangkaing pananaliksik kaugnay sa sosyal na integrasyon at kultural na kasanayan ng mga sinaunang Marihatagnon [3] (Anuruddlka, 2021), [4] Boshra, et al. 2020; [6] Jalan at Kupang, 2022).

Tagatugon sa Pananaliksik

Para sa kontekstwalisasyon, bilang mga tanging may edad na 80 taong gulang pataas lamang ang magiging partisipante ng pananaliksik na ito, tumutugon ito sa katuturan ng layunin ng snowball sampling na teknik sapagkat tanging sila lamang ang makakapagbigay ng impormasyon hinggil sa pamumuhay at gawi ng sinaunang Marihatagnon. Sa pagpili ng mananaliksik sa mga impormante, hindi alintana ang kanilang kasarian, ekonomikong status, relihiyon, at ano pa mang sosyo-demograpikong profile sapagkat hindi naman ito nagbibigay ng hadlang para sa kalalabasan ng datos. Sa apat na piling barangay, ang mananaliksik ay kukuha lamang ng tigli-limang impormante mula sa bawat barangay na may kabuuang bilang na dalawampung (20) impormante.

Instrumentong Ginamit

Sa pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng Interview guide o gabay na talatanungan upang masunod ang pagkuha ng mga datos sapagkat ang mga impormasyon sa pag-aaral ay hango sa mga pasaling ng mga impormante. Gumamit din ng mga mananaliksik ng Video Recorder bilang bahagi ng pakikipanayam sa mga impormante sa lugar para sa pag-rekord at dokumentasyon ng mananaliksik. Gumamit din ang mananaliksik ng ballpen para sa pagtala ng mga pangalan sa mga nakapanayam.

Resulta ng Pag-aaral

Sa bahaging ito, matutunghayan ang makabuluhang presentasyon at interpretasyon ng mga nakalap na

datos mula sa mga impormante batay sa isinagawang interbyu.

Talahanayan 1.Mga Pangunahing Ritwal Mula Sa Mga Piling Barangay Ng Lungsod Ng Marihatag

Paksa ng Ritwal	Lugar
Pagtanum ng Abaka	BRGY. MARARAG
Pagtanum ng lubi	
Pagtanum ng mga lagutmon	
Pag-harvest ng humay	
Paghalad sa espirito ng paribot.	
Pagpauran	
Pagpanambaw ng aroy sakit	
Paghimaya sa Ginoo	
Pagpakasal	
Pagkabdos	
Pagpanganak	BRGY. SAN PEDRO
Pagpabadi ng iso	
Mahal na Adlaw	
Adlaw ng mga patay	
Pag-aroy mapatay	
Pagpanambaw	
Kahimunan	
Sugnod	
Pagmapanik sa bu'd	
Panaghiusa	
Panawagtawag	
Paghinulsol	
Pagpaligdok	
Bendisyon sa lupa	
Pagpasinaya ng bahay	

Makikita sa unang talahanayan ang dalawang kahon na nagpapakita ng iba't ibang paksa ng ritwal na isinasagawa ng mga Marihatagnon at ang lugar kung saan ang mga ito napabilang. Sa unang kahon, makikita ang mga hanay ng mga paksa ng mga ritwal na nakalap ng mananaliksik mula sa piling barangay ng lungsod ng Marihatag. Sa pangalawang kahon naman ay makikita ang mga lugar kung saan matatagpuan ang mga ritwal na nakasanayan ng gawin ng mga sinaunang Marihatagnon. Matutunghayan sa talahanayan sa itaas na mayroong dalawampu't lima ang kabuuang bilang ng mga ritwal na nakalap mula sa mga piling barangay ng Marihatag. Sa Brgy. Mararag, mayroong limang (5) bilang ng mga ritwal na nakalap ng mananaliksik, lima (5) rin sa Brgy. Bayan samantalang walo (8) naman sa Brgy. San Pedro at may pito naman sa Brgy, San-Isidro.

Ang mga datos na nakalap ng mananaliksik ay mula sa mga tagatugon na may edad na pitumpo (70) pataas at kumuha ng dalawampung (20) impormante sa piling barangay tulad ng mga nabanggit. Sa kabuuan, ang

mananaliksik ay nakalikom ng dalawampung (25) ritwal na nagmula sa mga piling barangay ng Marihatag, Surigao del Sur.

Talahanayan 2: Tema ng Ritwal

Paksa ng Ritwal	Tema	Kahulugan
Pagtanum ng abaka (Pagtatanim ng abaca)	Pananaw sa kasaganaan	Paniniwala na ang wastong ritwal ay magbubunga ng masaganang ani.
Pagtanum ng lubi (Pagtatanim ng niyog)	Proteksiyon sa ani	Isinasagawa upang hindi salingin ng peste o malas ang pananim.
Pagtanum ng mga lagutmon (Pagtatanim ng kamoteng kahoy)	Pananaw sa kasaganaan at espiritwal na ugnayan sa lupa	Ang wastong ritwal ay magbubunga ng masaganang ani; naniniwala ang mga Kamayo na ang lupa ay may espiritung dapat galangin at pasalamatan.
Pag-harvest ng humay (Pag-aani ng palay)	Pasasalamat	Ritwal ng pasasalamat sa matagumpay na anihan.
Paghalad sa espirito ng paribot. (Pag-aalay sa espiritu ng kalikasan.)	Ugnayan sa kalikasan	Pagkilala sa espiritung tagapangalaga ng kagubatan at kabundukan.
Pagpauran (Pagpapaulan)	Pananampalataya	Panalangin at ritwal upang humingi ng ulan sa panahon ng tagtuyot.
Pagpanambaw ng aroy sakit. (Pagpapagaling ng maysakit.)	Pagkakalinga	Tradisyunal na panggagamot gamit ang dasal at halamang gamot.
Paghimaya sa karaan (Paggunita sa mga ninuno)	Pagkilala sa mga ninuno	Pag-aalay para sa patuloy na patnubay ng mga ninuno sa buhay.
Pagpapakasal	Pagpapatibay ng ugnayan	Ritwal na pagbabasbas sa bagong mag-asawa upang magtagal ang samahan.
Pagbubuntis	Pag-iingat at gabay	Panalangin para sa kaligtasan ng ina at sanggol sa kanyang sinapupunan.
Panganganak	Banal na proteksyon	Ritwal upang mapadali at ligtas ang panganganak
Pagpabadi ng iso (Pagpapalaki ng bata)	Kalusugan at Proteksyon	Ang mga sanggol na bagong silang at mga batang malapit nang tubuan ng ngipin ay madaling kapitan ng sakit, kaya isinasagawa ang isang ritwal upang mapalakas ang

		kanilang resistensiya laban sa iba't ibang karamdaman.
Mahal na Adlaw (Mahal na Araw)	Pananampalataya at pagninilay	Ritwal ng pananampalatayang Kristiyano na sinabayan ng lokal na paniniwala.
Adlaw ng mga Patay (Araw ng mga Patay)	Pag-alala at pagbibigay-galang	Pagsindi ng kandila at alay sa puntod ng mga mahal sa buhay.
Sa Patay	Pamamaalam at dasal	Ritwal para sa ligtas na paglalakbay ng kaluluwa sa kabilang buhay.
Pagpambabaw (Panggagamot)	Pananampalataya at karanasan	Kombinasyon ng tradisyunal at espiritwal na paraan ng pagpapagaling.
Kahimunan (Pagkakaisa)	Sama-samang panalangin	Panawagan para sa pagkakaisa ng komunidad at biyaya.
Sugnod (Gatong)	Paghingi ng gabay at proteksyon	Pagsunog ng mga bagay bilang alay sa espiritu.
Pagmapanik sa bu'd (Aakyat sa bukid)	Proteksyon	Panalangin para sa matagumpay na pagtatanim.
Panaghiusa (Pagkakaisa)	Pagkakaisa ng mamamayan	Ritwal para sa solidong ugnayan ng mga mamamayan.
Panawagtawag (Pagtatawag)	Paggalang sa kalikasan at paniniwala sa espiritu ng kagubatan bilang tagapangalaga	Ritwal ng pakikipag-ugnayan sa espiritwal na mundo.
Paghinulsol (Pagsisisi)	Paghingi ng tawad	Pagsisisi para sa mga nagawang kasalanan sa kalikasan o kapwa.
Pagpaligdok (pagpapatayo)	Panalig sa espiritwal na gabay	Ritwal na paglilinis ng paligid na isinasagawa ng apat na piling barangay upang itaboy ang malas.
Bendisyon sa lupa	Pagpapala	Upang hindi magkaroon ng problema kapag nakapagpatayo nang bahay ay hinakailangan itong gawaran ng ritwal na paghahandog upang itaboy ang mga masasamang Espiritu.
Pagpasinaya ng bahay (Pagbasbas sa Bahay)	Pagdiriwang at proteksyon	Basbas at proteksiyon sa bagong bahay

Matutunghayan sa talahanayan 2 ang tema ng mga ritwal na nakalap ng mananaliksik. Makikita sa bahaging ito ang tatlong kahon na naglalaman ng mga mahahalagang bahagi ng pag-aaral. Mula sa mga

panayam, tinukoy ng mananaliksik ang pangunahing layunin ng mga ritwal na ito at binigyan ng pagpapakahulugan alinsunod sa interpretasyon ng mga tagatugon at sa konteksto ng kanilang kultura. Sa unang kahon, makikita ang mga hanay ng mga paksa ng mga ritwal na nakalap ng mananaliksik mula sa piling barangay ng lungsod ng Marihatag. Sa pangalawang kahon naman ay makikita ang mga temang nakapaloob sa mga paksang nakahanay at ang panghuli ay ang kahon na naglalaman ng mga pagpapakahulugan mula sa nauna.

Ang mga ritwal ng mga Marihatagnon ay nagpapakita ng malalim na ugnayan sa kalikasan, espiritwalidad, at komunidad. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga tema ng bawat ritwal, makikita na ang kanilang pamumuhay ay hindi lamang nakabatay sa pisikal na gawaing pangkabuhayan, kundi nakaugat din sa paniniwala at respeto sa mga puwersang espiritwal na kanilang kinikilala sa paligid. Kapansin-pansin ang pananaw sa kasaganaan bilang pangunahing tema sa mga ritwal ng pagtatanim tulad ng pagtanum ng abaka, lubi, at lagutmon. Pinaniniwalaan ng mga Kamayo na ang matagumpay na ani ay bunga ng tamang ritwal, na may kalakip na alay, dasal, at paggalang sa mga espiritong tagapangalaga ng lupa. Ipinapakita nito ang functionalismong pananaw ni Malinowski kung saan ang mga ritwal ay hindi lamang panrelihiyon kundi nagsisilbing mekanismo upang mapanatili ang kaayusan at seguridad sa kabuhayan ng komunidad. Ikalawa, ang mga ritwal na may temang ugnayan sa kalikasan at espiritu gaya ng paghalad sa espiritu ng paribot, pagpauran, at panawagtawag, ay sumasalamin sa matibay na paniniwala ng mga Marihatagnon na ang kalikasan ay may sariling kamalayan at kapangyarihan. Ang mga ito ay ritwal na humihingi ng basbas, proteksyon, o kapatawaran sa mga espiritong nananahan sa mga ilog, at kagubatan. Ipinapakita nito ang pananaw na ekolohikal-spiritwal, kung saan ang tao ay bahagi ng kalikasan at may tungkuling alagaan ito sa pamamagitan ng ritwal at paggalang.

Ikatlo, mahalaga rin ang tema ng pagkakalinga at proteksyon sa mga ritwal para sa mga buntis, sanggol, at maysakit tulad ng pagkabdos, pagpabadi ng iso, at pagpanambaw. Nasambit ni [8] (Lakshmidēvi, G. 2022). “Rituals are structured actions or ceremonies that are integral to human life, marking significant events from birth to death. They are created by humans and vary across cultures, serving to commemorate important moments and foster memorable experiences.” Dito ay lumilitaw ang papel ng komunidad at ang mga matatanda (hinuod, baylan) bilang tagapag-ingat ng kalusugan at espiritwal na kaligtasan ng mga miyembro nito. Ipinapakita nito ang papel ng ritwal bilang sosyal na suporta at kolektibong pag-alalay sa bawat yugto ng buhay ng tao katulad ng nagging pahayag ni Lakshmidēvi.

Ikaapat, makikita rin ang ritwal ng mga Marihatagnon bilang pagsasariwa sa ugnayan sa mga ninuno sa pamamagitan ng mga ritwal tulad ng paghimaya sa ginoo, adlaw ng mga patay, at ritwal sa patay. Ang temang pagkilala sa pinagmulan at pag-alala sa mga yumao ay nagpapalalim sa identidad ng mga Marihatagnon bilang isang komunidad na may utang na loob at patuloy na koneksyon sa kanilang mga ninuno.

Nabanggit naman ni [7] (James, S. 2022). (Rituals are recurring events or activities that help build relationships within a team.) Katulad ng nabanggit, may mga ritwal na nakasentro sa pagkakaisa ng komunidad tulad ng kahimunan at panaghiusa, na nagpapakita ng sama-samang pananalig at kolektibong pagkilos. Dito ay lumalabas ang kahalagahan ng ritwal hindi lamang sa indibidwal kundi sa buong barangay bilang isang espiritwal at panlipunang aktibidad.

Konklusyon at Rekomendasyon

Konklusyon

Batay sa naging resulta ng pananaliksik, napatunayan na ang mga ritwal ng mga Marihatagnon ay hindi

lamang basta tradisyon kundi nagsisilbing salamin ng kanilang pananaw sa buhay, kalikasan, at pananampalataya. Ang bawat ritwal ay may malinaw na layunin at malalim na symbolismong kaakibat—mula sa mga gawaing agrikultural hanggang sa mahahalagang yugto ng buhay gaya ng pagbubuntis, panganganak, pag-aasawa, at kamatayan.

Masasalamain sa mga wika, gamit, at prosesong kaakibat ng mga ritwal ang matibay na pananalig ng mga Marihatagnon sa mga puwersang espiritual at natural. Ang mga paniniwalang ito ay patuloy na isinasabuhay at pinangangalagaan ng mga nakatatanda sa komunidad, na sila ring nagsisilbing tulay upang maipasa ito sa mga susunod na henerasyon.

Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ang mga ritwal ng mga Marihatagnon ay may malaking potensyal bilang batayan sa pagbuo ng kontekstwalisado at interaktibong kagamitang pampagtuturo. Sa paggamit ng mga lokal na kaalaman, wika, at simbolo, nagkakaroon ng mas makabuluhang koneksyon ang mga mag-aaral sa araling kanilang pinag-aaralan. Kaya naman, mahalagang maisama sa kurikulum ang ganitong uri ng lokal na karunungan upang maging higit na makatao, makakultura, at makabuluhan ang edukasyon, lalo na sa mga komunidad gaya ng Marihatag.

Rekomendasyon

Batay sa naging resulta at kongklusyon ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihain:

1. Sa mga guro at tagapagpatupad ng kurikulum. Nararapat na isaalang-alang ang integrasyon ng mga lokal na ritwal, wika, at kultura sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP).
2. Sa mga tagagawa ng kagamitang pampagtuturo. Hinihikayat na gamitin ang resulta ng pag-aaral na ito sa paglikha ng mga module, lesson plan, activity sheets, at iba pang kagamitan na may lokal na nilalaman upang higit na mapaingting ang partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral.
3. Sa mga mananaliksik. Maaaring palawakin ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba pang kultura at ritwal ng mga karatig na bayan, upang mas mapayaman ang dokumentasyon ng lokal na karunungan sa buong rehiyon ng Surigao del Sur.
4. Sa mga tagapamahala ng pamayanan. Mahalagang mapreserba at maisalin ang mga ritwal na ito sa mga kabataan sa pamamagitan ng mga seminar, community storytelling, at integrasyon sa mga selebrasyon ng kultura gaya ng Araw ng Barangay o Buwan ng Wika.

References

1. Anacin C. G. (2014). Syncretism in rituals and performance in a culturally pluralistic society in the Philippines. *The Social Science Journal*, 52(1), 40–45. <https://doi.org/10.1016/j.soscij.2014.08.005>
2. Andi Hamzah, Fansury., Rampeng. (2023). Ethnography research in educational: a literature review. doi: 10.47178/teflo.v11i2.2120
3. Anuruddika Jayathilaka. (2021). 11. Ethnography and Organizational Ethnography: Research Methodology. *Open Journal of Business and Management*, doi: 10.4236/OJBM.2021.91005
4. Boshra A., et al. (2020). 13. Ethnographic research method for psychological and medical studies in light of COVID-19 pandemic outbreak: Theoretical approach. *Journal of Public Affairs*, doi: 10.1002/PA.2404
5. Geertz C. (1974). “From the Native’s Point of view”: on the nature of anthropological understanding. *Bulletin of the American Academy of Arts and Sciences*, 28(1), 26. <https://doi.org/10.2307/3822971>
6. Jalan Adisucipto, at Penfui, Kupang. (2022). 5. Ethnography. doi: 10.1007/978-981-19-3780-4_19

7. James, Sherry. (2022). Rituals. doi: 10.1007/978-1-4842-8208-3_7
8. Lakshmidēvi G. (2022). Rituals shown by the novel 'Oothi Eriyappatatha Muttaikal (Unthrown Erudite Eggs)'. International Research Journal of Tamil, doi: 10.34256/irjt224s1727
9. Malinowski B. (1939). The group and the individual in functional analysis. American Journal of Sociology, 44(6), 938–964. <https://doi.org/10.1086/218181>
10. Villanueva H. D., Balgoa, N. G. (2023). Exploring rituals as integral non- material culture of Subanens in the Zamboanga Peninsula. International Journal of Social Science and Human Research, 6(08). <https://doi.org/10.47191/ijsshr/v6-i8-05>